PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 3, Issue 2 (2024)

# "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino": An Analysis

**Shameka L. Astronomo**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: kristineastronomo21@gmail.com

**Jamyka M. Buca**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: bucajamykamarie@gmail.com

**Alyssa D. Calledo**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: alyssadawn0718@gmail.com

**Nheiljan O. Cariliman**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: nheiljancariliman0123@gmail.com

**John T. Gatinao**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: travisgatinao@gmail.com

**Satomi A. Hosaka**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: hosakasatomi13@gmail.com

**Sofia Mae M. Morales**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: sopiyamorales@gmail.com

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

# "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino": An Analysis

**Abstract:** The short story authored by Andrew A. Estacio, titled "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino," clinched the second position in the 2018 Carlos Palanca Memorial Awards. "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino" encompasses profound insights into the themes of discrimination and inclusivity concerning members of the LGBTQ community. Through its narrative, the story vividly portrays the trials faced by LGBTQ+ individuals, alongside their unwavering resolve to fight for their rights. In this analysis, the researchers delved into the experiences of homosexuals and, employing a qualitative framework wherein researchers analyzed and comprehended the story to delineate pivotal occurrences for their study.

**Keywords**: Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino, LGBTQ, Homosexuality, Short story, Discrimination, Human rights

Date Submitted: April 29, 2024
Date Accepted: May 10 , 2024
Date Published: May 24, 2024

# "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino": Isang Pagsusuri

**Shameka L. Astronomo**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: kristineastronomo21@gmail.com

**Jamyka M. Buca**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: bucajamykamarie@gmail.com

**Alyssa D. Calledo**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: alyssadawn0718@gmail.com

**Nheiljan O. Cariliman**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: nheiljancariliman0123@gmail.com

**John T. Gatinao**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: travisgatinao@gmail.com

**Satomi A. Hosaka**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: hosakasatomi13@gmail.com

**Sofia Mae M. Morales**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Davao Del Sur
Philippines
Email: sopiyamorales@gmail.com

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

**Abstrak:** Ang maikling kwento ni Andrew A. Estacio, na may pamagat na "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino," ay nagwagi ng ikalawang puwesto sa Carlos Palanca Memorial Awards noong 2018. Ito'y naglalaman ng mga mahahalagang aral hinggil sa diskriminasyon at pagtanggap sa mga miyembro ng LGBTQ community. Sa pamamagitan ng kwento, ipinapakita ang mga hamon at laban ng mga LGBTQ+ sa kanilang pang-araw-araw na buhay, pati na rin ang kanilang determinasyon na ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Sa pagsusuring ito, tinalakay ng mga mananaliksik ang mga karanasan ng mga homosekswal at ginamit nila sa pagsusuri ang kwalitatibong disenyo kung saan binasa at inintindi ng mga mananaliksik ang maikling kwento upang maitala ang mga pangyayaring mahalaga sa pag-aaral. Ang "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino" ay naglalaman ng mensahe tungkol sa mga pinagdaanan ng mga LGBTQ at kung paano nila itinaguyod ang kanilang mga karapatan.

**Keywords:** Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino, LGBTQ, Homosekswal, Maikling Kuwento, Diskriminasyon, Karapatan

Petsa ng Pagpasa: April 29, 2024
Petsa ng Pagsang-ayon: May 10, 2024
Petsa ng Paglathala: May 24, 2024

## PANIMULA

Ang pagtrato ng mga tao sa mga bakla sa lipunan, lalo na sa Pilipinas na kilala bilang relihiyoso at konserbatibong bansa ay isang kilalang kwento sa atin. Sa paglipas ng panahon, marami na ang napayapos sa komunidad ng LGBTQ at karamihan sa mga Pilipino ay bukas ang isipan tungkol sa kanila. Gayunpaman, hindi maitatanggi na patuloy pa rin ang mga abusong hinaharap ng ilan. Tulad ng natuklasan naming kwento na ang "Kanoninasyon ng mga Santa Santino" ito ay nagpapakita ng hindi patas na pagtrato sa mga miyembro ng LGBTQ. Sa kwentong ito, umaasa at nagbabakasakali silang makasali sa okasyon na kanilang pinakahihintay, ngunit dahil sa kanilang sekswalidad, nauwi lamang ito sa pagtanggi at nauwi sa diskriminasyon tungo sa mga homosekswal. Hanggang saan kailan ba magtatagal ang ganitong uri ng pagtrato sa mga miyembro ng LGBTQ?

Nakatatak na sa kasaysayan natin ang storya ng mga kasapi ng LGBTQ, sa katunayan nga ay mula noon hanggang ngayon ginagamit pa rin natin ang salitang bakla. Ayon kay Garcia (2020), ang salitang bading o bakla ay may dalawang kahulugan; maaari itong maka *empower* sa pamamagitan ng pagtaas ng kumpiyansa sa mga komunidad o isang *derogatory* na ginagamit na pang kutya sa kabilang rito. Ayon rin sa kaniyang pananaliksik, matagal ng nakikipaglaban ang sangkabaklaan para sa kanilang karapatan, mula dekada '90 hanggang sa kasalukuyan; tila'y hindi pa rin nabibigyan ng pagkilala at pag-unawa ng katilingban at patuloy pa rin ang *gender discrimination* sa kahit saang dako.

Tulad ng linya na nasa kwento na nagsasabing "blasphemy" maaaring maiugnay ito sa pag-aalinlangan ng ibang mga homosekswal na pag-usapan ang kanilang seksuwalidad dahil kilala ang Pilipinas bilang pagiging tapat at nananampalataya sa simbahang katoliko. Sa takot na mahusgahan at marinig ang masasabi ng iba, nananatili silang tahimik at malayo sa katotohanan. Nakaimbak na sa isipan ng mga Pilipino na ang pagiging bakla ay isang napakalaking kasalanan kaya marami sa kanila ay mas nakakaramdam ng kaligtasan at kalayaan na ipakita kung sino sila sa paligid ng kanilang mga kaibigan na tunay na tinatanggap at kinikilala ang kanilang tunay na pagkatao. Maraming parte ng LGBTQ ang namumuhay sa stigma na kung sila ay bakla sila ay higit na makasalanan at kailangan nilang maipakita ang kanilang halaga para lang makilala sila. Isang halimbawa nito ay si Vice Ganda. Kilala si Vice Ganda bilang isang komedyante at isa sa mga kilalang personalidad sa Pilipinas. Karamihan sa mga homosekswal ay may impresyon na sila lamang ay "tanggap" kung sila ay nakamit ng isang napakalaking tagumpay. (Cornelio & Dagle,2022)

Batay sa mga pahayag, nagbunga ang pananaliksik na suriin ng mga mananaliksik ang maikling kwento “Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino" ni Andrew A. Estacio. Ang kwentong ito ay tungkol sa “Santa Santino" isang Gay and Lesbian Regional Contest ngunit sa mismong araw ng patimpalak ay biglaang nag desisyon ang munisipyo‟t katedral na ipasara ang naturang produksyon dahil ikinanlaki ng kanilang mga mata ang patago nitong ikinakampanya: blasphemy. Itinalakay dito ang diskriminasyon sa lipunan, komersyalisasyon at objektipikasyon, paggamit sa stereotipo, at pagtanggol ng kanilang karapatan. Iuugnay ang mga pangyayaring ito sa kasalukuyang karanasan ng mga homosekswal sa Pilipinas.

*Layunin ng pananaliksik*

Mahalaga sa pananaliksik na ito na matukoy ang kabuuang larawan at imahen ng lipunang Pilipino sa kasalukuyan na masasalamin sa kasaysayan ng Pilipinas. Buhat nito, narito ang mga tiyak na layunin patutunguhan ng nasabing pag-aaral:

1. Natutukoy ang mga suliranin na hinaharap ng mga homosekswal sa kwento.
2. Nasusuri ang epekto ng mga suliranin homosekswal sa kwento.
3. Naiuugnay ang koneksiyon ng maikling kwento na “Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino" sa mga karanasan na hinaharap ng mga LGBTQ+ sa Pilipinas.

## TEORETIKAL NA BALANGKAS

*Ang Teoryang Queer*

Ang kwento ng "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino" ay nagpapakita ng mga potensyal na isyu tulad ng diskriminasyon, paggamit ng stereotipo, komersyalisasyon, at represyong kultural sa konteksto ng isang beauty contest sa LGBTQ+ indibidwal. Sa pamamagitan ng paggamit ng queer theory, maaaring masuri ang mga isyu na ito at magbigay ng pag-unawa at solusyon upang labanan ang diskriminasyon at iba't ibang mga problema sa pagtatanghal ng karapatan at dignidad ng LGBTQ+ komunidad.

*Ang Teorya ng Sikolohikal*

Sa kwentong "Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino," ipinapakita ang kahalagahan ng pagtanggap at pagmamahal para sa sarili at para sa isa't isa sa kabila ng mga hamon at diskriminasyon mula sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga karakter nito, ipinapakita ang tapang at determinasyon ng mga LGBTQ+ indibidwal sa kanilang paghahanap ng dignidad at paggalang. Sa pagtatapos, nagbibigay-inspirasyon ang kwento sa mga mambabasa upang magpatuloy sa paglaban para sa kanilang karapatan at pagmamahal sa isang mundo na dapat bukas at nagmamahal sa lahat ng uri ng pagkakaiba-iba.

## KAUGNAY NA MGA PAG-AARAL AT LITERATURA

*Diskriminasyon sa mga miyembero ng LGBTQ (Lesbian, Gay, Bisexual, Trans-Gender at Queer) sa Pilipinas*

Halos lahat ng miyembro ng LGBTQ ay nakararanas ng hindi patas na pagtrato dahil sa kanilang pagkilos at maging sa kanilang katangian. Sa madaling salita ito ay tinatawag na “Diskriminasyon”. Nararanasan nila ito sa kanilang eskwelahan, sa kanilang komunidad, at ang ilan ay mismong sa kanilang tahanan. Ayon sa Human Rights Watch (2017), ang diskriminasyong nararanasan ng mga miyembro ng LGBTQIA ay humahantong rin sa bullying at ang mas malala pa ay sa mga pisikal na pananakit. ( Lanot, 2019)

Inilahad ni Carlos M. (2017), isang miyembro ng LGBTQ na siya ay nakaranas ng pisikal na pang-aabuso at diskriminasyon sa kanya mismong pinapasukan na eskwelahan. Ayon sa kanya, tuwing matatapos ang klase, susundan siya ng ilan sa kanyang mga kaklase at

siya ay itinutulak, sinusuntok at sinasaktan ng pisikal. Bukod pa doon, tinatawag rin siyang "bakla" sa hindi magandang paraan at nakaranas din siya ng sexual harassment galing sa kanila. Idinagdag pa ni Carlos na dahil halos estudyante lahat ang may pakana ng mga pang-aabuso ay binabalewala na rin lamang ito ng kanyang mga guro na nagdulot din ng diskriminasyon galing mismo sa mga guro.

Ayon kay Aenlle (2017) pumasa na sa ikalawang pagbasa ang House Bill 4982 na siyang nagpoprotekta at lalaban sa diskriminasyong nararanasan ng mga miyembro ng LGBTQ . Ngunit ang batas man na ito ay maganda sa papel, hindi pa rin naman ito nagpapatupad no ng husto. Dapat lamang na matutukan ng husto ang laban sa diskriminasyon at hindi lamang maisapapel ang mga ganitong uri ng patakaran sapagkat tayong lahat ay pantay pantay lamang at walang karapatang itrato ang iba ng hindi maganda anuman ang kanilang kasarian.

*Koneksyon ng maikling kwento na "Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino" sa karanasan ng LGBTQ+*

Ang mga karanasan ng LGBTQ sa maikling kwento na "Ang Kanonisasyon ng mga "Santa Santino" ay tiyak na pinagdaanan sa totoong buhay. tulad na lamang ng mga tauhan sa maikling kwento na pinaglalaban ang hindi patas na pagtanggap ng kanilang pag galaw sa komunidad na kanilang kinabibilangan.

Ayon sa isinagawang pag- aaral nila Xija Tang, Ak Narayan Poudel, (2018). Ang Pilipinas ay itinuturing na LGBTQ+ na bansa. Gayunpaman, Inilarawan ng Filipino LGBTQ na ang mga miyembrong parte ng LGBTQ ay patuloy na nakikipaglaban sa pambubully at diskriminasyon na nagmula sa pamilya hanggang sa komunidad at paaralan na kanilang kinabibilangan. Bagamat, Dati pa lamang naging Ikinababahala na isyu na ito sa komunidad ng LGBTQ hanggang sa kinakaharap, gayunpaman hindi ito naging basehan upang huminto silang makamit ang inaasam na karapatan tulad ni Tita Minerva at Binibining Diana na silang naging ilaw at pag-asa ng lahat na huwag tumigil.

Ang mga pangyayari na inilalarawan sa maikling kwento ay maituturing parin na kaganapan hanggang ngayon, tulad ng mga homosekswal at diskriminasyon na nararanasan ng mga LGBT community na naging negatibong epekto sa kalusugang pangkaisipan ng isang taong nakakaranas ng ganitong pagtrato mula sa mga taong hindi bukas ang isip upang tanggapin sila bilang sino sila. Ito rin ay likas na pangyayari sa maikling kwento. Sapagkat ang bansang pilipinas ay itinuturing na isang konserbatibo at relihiyoso mula pa noon pinaniniwalaan na nila na labag sa diyos ang pagiging parte ng LGBTQ at malaki itong kasalanan sa mata ng mga relihiyosong pilipino kaya naman hindi masyadong naging bukas ang bansa sa pagtanggap ng mga miyembro sa LGBTQ .(Reyes et al., 2019)

Sobrang nakakadurog ng puso ang mga pangyayaring dapat pang mapagdaan ng mga miyembro ng LGBTQ iba't-ibang pangyayari ng diskriminasyon, homosekswal at ang hindi pantay-pantay na pagtrato sa kanila dahil lamang sa hindi pagtanggap at labis na nakakalungkot na hindi sila maunawaan ng karamihan at patuloy pa rin itong dumadaloy sa ating kinakaharap, marahil na marami rin ang nakakaranas para lamang makamit ang karapatan.

Ayon sa ginawang pag-aaral nila (Reyes et al., 2019). ang mga komunidad ay patuloy na nakakaranas ng kasamaan at bias. Sa Pilipinas, meron pa rin ang isang malaki na kakulangan ng lokal at pambansang anti-diskriminasyon na batas na nagproprotektahan ang mga karapatan ng mga LGBT Filipino. Maraming mga proposal ay ginawa mula sa 1990s, ngunit wala ang naging matagumpay. Kaya, ang mga LGBT Pilipino ay patuloy na nakaranas ng ilang mga anyo ng diskriminasyon, prejudice at stigma dahil ang karamihan Pilipino ay hindi tanggapin ang paningin ng lesbian, gay, at bisexual orientations ay normal na mga

pagkakaiba-iba ng mga tao sexuality (Psychological Association of the Philippines [PAP], 2011). Ang mga pang-unawa ng karamihan ng Pilipino ay makabuluhang naimpluwensyahan sa pamamagitan ng relihiyon at dahil sa relihiyon na sinusunod at mga paniniwala naging mas mahirap ito para sa LGBTQ na ipaglaban ang kanilang karapatan at buksan ang isip ng ibang tao upang sila ay unti- unting tanggapin kung sino man sila.

Ang kwento ng "Ang Kanoninasyon ng mga Santa Santino" ay nagpapakita ng mga potensyal na isyu tulad ng diskriminasyon, paggamit ng stereotipo, komersyalisasyon, at represyong kultural sa konteksto ng isang beauty contest sa LGBTQ+ indibidwal. Sa pamamagitan ng paggamit ng queer theory, maaaring masuri ang mga isyu na ito at magbigay ng pag-unawa at solusyon upang labanan ang diskriminasyon at iba't ibang mga problema sa pagtatanghal ng karapatan at dignidad ng LGBTQ+ komunidad.

## METODOLOHIYA

### *Disenyo ng pag-aaral*

Ang ginamit sa pananaliksik ay kwalitatibong disenyo, ito ay upang maipahayag at maunawaan ang mga karanasan ng mga miyembro ng LGBTQ. Sa paggamit ng kwalitatibong disenyo, nabibigyan nito ng mas malalim na pag-intindi tungo sa mga pananaw na kabilang sa LGBTQ dahil sa paggamit ng mga bukas na tanong na siyang nagbibigay kalayaan sa bawat indibidwal na sabihin ang kanilang mga saloobin.

### *Paraan ng pangangalap ng mga datos*

Para sa pagsasagawa ng pangangalap ng mga datos, “Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino” ni Andrew A. Estacio ang napili ng mananaliksik para sa pag aaral sa diskriminasyon sa LGBTQ, ipinakita ng mga mananaliksik ang pagnanais na suriin at unawain ang masalimuot na usapin ng LGBTQ na pagkilala at pagtanggap sa lipunan, maaari din isaalang alang ang iba’t ibang paraan ng pangangalap ng datos. Maaaring pag-aralan ang teksto at kunin ang mga sipi mula sa kuwento na nagpapakita ng mga pananaw at pagkilos ng mga tauhan tungkol sa *homosexuality*. Maaaring suriin ang mga pag-uusap, pagkilos, at pananaw ng mga karakter para maunawaan ang kanilang mga pananaw at damdamin sa isyu ng diskriminasyon. Maaaring makatulong ang pakikipanayam o *interview* sa isang taong may kaalaman o karanasan sa homosekswalidad at diskriminasyon. Sinasaliksik ng mga panayam ang mga personal na karanasan, opinyon, at pananaw ng mga indibidwal, upang magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa konteksto at epekto ng diskriminasyon sa lipunan.

Sa pamamagitan ng paggamit sa mga naunang nabanggit na paraan ng pangongolekta ng datos, makakamit ang mas komprehensibo at malalim na pag-unawa sa diskriminasyon laban sa *homosexuality* na inilalarawan sa salaysay ng "Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino". Ang pagsasama-sama ng pagsusuri sa teksto at mga panayam ay magbibigay-daan sa atin na maunawaan ang pinagbabatayan na mga dahilan ng diskriminasyon, ang epekto nito sa kapwa indibidwal at lipunan, at ang mga posibleng hakbang na maaaring ipatupad upang matugunan at maiwasan ang ganitong uri ng pang-aabuso at pagguho ng dignidad

### *Pag-aanalisa nga mga datos*

Ang batayan ng aming Naitalang Datos ay kaakibat ng pagkasunod-sunod sa Layunin ng pag-aaral, kaakibat narin nito ang teoretikal na balangkas upang maging batayan sa pagsusuri. Base sa layunin na naitala, Nais malaman ng mananaliksik ang kabuuang larawan at imahen ng lipunang Pilipino sa kasalukuyan na masasalamin sa kasaysayan ng Pilipinas. Kaakibat rin nito, Ang pagtukoy ng suliranin at epekto na hinaharap ng mga homosekswal sa kwento. Pangalawa, Nasaliksik din ang koneksyon ng maikling kwento na “Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino" sa mga karanasan na hinaharap ng mga LGBTQ sa Pilipinas.

## INTERPRETASYON AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

### *Karanasan ng mga LGBTQ*

Ang maikling istorya na “Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino” ay nakikita at nararanasan ng ibang tao sa kanilang buhay. Ang mga naranasan ng mga LGBTQ sa kwento ay nagsimula sa isang matinding diskriminasyon at pagtanggi mula sa mga nasa kapangyarihan na kinakatawan ng pagpapasara ng munisipyo at katedral sa patimpalak na Santa Santino Gay and Lesbian Regional Beauty Contest. Ipinapakita nito ang mga hamon at panganib na kadalasang kinakaharap ng mga LGBTQ sa kanilang pang-araw-araw na buhay kung saan hindi lubos na kinikilala at iginagalang ang kanilang mga karapatan at dignidad.

“Naroon sa gitna ang pinaka maingay, sina Tita Minerva at Tito Jet, ang krem de la krem ng grupo. Ni hindi pa dinadale ng rayuma ang dalawa, mag-bestfriend kasi simula pagkabata at kambal-tuko sa pagiging senior bakla at lesbiyana.” Sa kabila ng mga hamon at diskriminasyon na kanilang natatanggap, ang mga karakter katulad nina Tita Minerva at Tito Jet ay nagpakita ng malakas na determinasyon at lakas ng loob na ipaglaban ang kanilang mga pangarap at karapatan. Nang dahil sa kanilang lakas ng loob na kumilos, mag protesta at pagpapahayag ng saloobin, tinutuligsa nila ang pagkakaisa at determinasyon ng komunidad ng LGBTQ sa paglaban sa diskriminasyon at pagprotekta sa kanilang pantay na karapatan.

"Nag-text ang opisina blasphemous daw ang beauty natin," sabi ni Tito Jet. Tinawag ni Mayor na Blasphemy ang mga LGBTQ na nangangahulugang pag iinsulto sa Diyos. Ayon kanila Reyes et al. (2019) “Ang Pilipinas ay isang relihiyosong bansa at karamihan Ibinahagi ng mga Pilipino ang isang koleksyon ng relihiyon na nagmula sa pag-unawa ng Katoliko. Ang pananaw na ito ay kasama ang mga tradisyonal na opinyon tungkol sa gender roles at pagpapahayag ng mga pag-uugali na kasangkot sa hindi-heterosexualidad. Ang mga lesbian at gay na tumitira mula sa tradisyunal na normang ito, ay nagiging target ng diskriminasyon at prejudice.” Ngunit may sinabi si Tita Minerva kay mayor na "This is not just about pageant, Mayor." "It is a protest pageant in which kaming mga LGBT, kumakatok din kami sa simbahan, na dapat din kaming ituring na mga anak ng Diyos. At eka nga'y isinilang kaming walang orihinal na pagkakasala, na kami ri'y mga deboto ng Inmaculada." kung saan ipinapaalala ni Tita Minerva na ang pagmamahal sa sarili at pagrespeto sa sariling pagkakakilanlan ay hindi magdudulot ng kaparusahan mula sa Diyos, at dapat itong igalang at tanggapin ng lipunan sa kabuuan. Ang pagiging LGBTQ ay hindi dapat hadlangan ang isang tao na magkaroon ng espirituwal na kaugnayan sa Diyos. Dahil ang bawat tao ay natatanging nilikha ng Diyos at may karapatan sa espirituwal na kalayaan.

Laging nakatatak sa utak ko ang sinabi ni Tita Minerva, “Nais ba natin ng pagbabago? Ng pagkakataong ipagmalaki ang sariling nating balat? Nais ba natin ng karapatan, mapa-babae, lalaki, bakla, tomboy, taga-simbahan o hindi?!” ang mga katanungan na ito ay isang panawagan para sa tunay na pagkakapantay-pantay at pagpapahalaga sa lahat ng uri ng tao. Iminumungkahi ng kaniyang mga tanong na ang tunay na pagbabago ay nagsisimula sa pagsasama-sama, pagtanggap sa isa't isa, at pagpapalawak ng mga karapatan at pagkakataon para sa lahat ng sektor ng lipunan.

“Everyone should have the right to be themselves. It doesn't matter who you are or whom you love.” (Equal Rights for LGBTIQ+’s, 2022). Ang mga karanasan ng LGBTQ na miyembro ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtanggap at pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba at pagiging tunay.

Ang kanilang pakikipaglaban para makamit ang inaasam na pagkakapantay-pantay, pagkilala sa kanilang mga karapatan, at pagtanggap sa lipunan ay nagpapakita ng kanilang determinasyon at lakas ng loob na ipaglaban ang kanilang pagkakakilanlan at dignidad. “Ang

bawat tao'y dapat magkaroon ng karapatang maging kanilang sarili. Hindi mahalaga kung sino ka o kung sino ang mahal mo” ito ay isang malakas na tanda ng pagtanggap at paggalang.

Bilang karagdagan, anuman anb lahat ng mga karanasan ng LGBTQ, sila ay nakatuon sa pakikibaka kung ano ang matuwid at tama para sa kanila. Naranasan ng LGBTQ ang mga hamon at tagumpay na kanilang hinaharap sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pakikipaglaban ni Tita Minerva para sa pagkilala sa mga LGBTQ bilang mga deboto ng Inmaculada at mga anak ng Diyos ay nagpapakita ng kanyang pangako sa pagtatanggol sa kanilang mga karapatan sa espirituwal na kalayaan at dignidad. Sa pamamagitan ng paggamit sa pageant bilang isang plataporma upang iprotesta ang diskriminasyon, ipinapakita nila ang kanilang kakayahang mag-organisa ng mga komunidad at magmaneho ng pagbabago.

*Obhektibong opinyon sa mga karanasan ng LGBTQ+*

Sa panahon ngayon hindi pa rin maiiwasan na ang LGBTQ+ ay patuloy na nakakaranas ng iba’t ibang mga pagsubok tulad na lamang dito ay diskriminasyon. Minsan ay hindi pa rin epektibo ang proteksyon ng batas sa mga miyembro LGBT dahil madalas pa rin silang naabuso. Madalas din na nangyayari ay ang hindi sapat na edukasyon o pagbibigay pansin sa mga isyu na nangyayari sa mga taong miyembro ng LGBTQ. Ang mga bagay na ito ay maaaring magdulot ng negatibo sa kanilang emosyonal na kalagayan.

Ang mga miyembro ng LGBTQ ay di hamak na nakakaranas ng hindi sapat na karapatan katulad na lamang ng mga natatanggap ng mga taong heterosexual. Kaya naman ay mahalagang magpakita tayo ng pagtanggap at pag-unawa sa kanilang mga karanasan sa paraan ng pagsuporta sa kanilang mga nais at sa pagbibigay respeto, lalo na’t madalas sa kanila naabuso ma pa pisikal man o emosyonal. Nangyayari rin minsan sa mga miyembro ng LGBTQ ang hindi pagtanggap ng pamilya nila sa kanila. Ang Queer Literacy Pedagogy ay isang pedagohikal na diskurso na naglalayong itaguyod ang pag-unawa at pagkilala sa mga LGBTQ+ na karanasan at identidad sa loob ng edukasyonal na konteksto. “*As long as homophobia, transphobia, and any other queer bigotry and inequity exist, we have a need for explicit social justice work, for making clear that anti-gay language is hurtful and unacceptable. But that will never be enough either. We need all of that and a commitment to the principles of queer literacy pedagogy if we are to create enough cracks of light to change the shape of landscape.”* Cammie Kim Lin (2017).

Ang karahasan at diskriminasyon ay isang proseso ng kawalan ng pantay-pantay na pagtrato katulad na lamang ng stereotypes, isa ito sa mga bagay na nararanasan ng mga miyembro ng LGBTQ+ sa edukasyon. Dapat itong bigyan pansin ng mga guro (e.g. Bry et al., 2018;Johns et al., 2021; Robinson, 2021: Witcomb et al., 2019). Kaya ating tulungan ang mga miyembro ng LGBTQ+ sa paraan ng pagbibigay pansin sa mga isyu nila katulad na lamang ng ibahin ang maling larawan tungkol sa kanila upang maiwasan ang diskriminasyon at pagkawalang-galang. Maaari natin itong iwasan sa paraan ng pag adbokasiya at pagturo patungkol sa LGBTQ+ sa paaralan upang mabawasan ang mga bullying, diskriminasyon, stereotypes, at prejudice sa mga kabilang na miyembro nito.

Ating bigyang suporta ang mga programang nagbibigay proteksyon sa komunidad ng LGBTQ at ang mga taong nag a-adbokasiya tungkol sa pagtrato ng tama sa kanila. Ito ay magiging hakbang tungo sa pagtanggap sa kanila at pagbibigay respeto kahit ano pa ang kanilang kasarian. Sa paraang ito, sila ay nakakaramdam na sila ay katanggap-tanggap at nararapat silang igalang.

## KONKLUSYON

Ang kwentong "Ang Kanonisasyon ng mga Santo Santino" na isinulat ni Andrew A Estacio ay isang importanteng pundasyon pagdating sa pagasasaliksik at paglalahad impormasyon pagdating sa diskrimansyon na nararanasan ng mga miyembro ng LGBTQ at kung paano sila tinatrato. Ito ay naglalayong buksan ang mga mata ng publiko at maipakita ang hamon na kasalukuyang nararanasan ng mga miyembro ng LGBTQ sa kasalukuyang panahon.

Hindi lamang nagbibigay ng kontribusyon sa lipunan; sila rin ay nagpapalakas sa pagiging bukas at pagtanggap ng iba't ibang uri ng pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng kanilang pagpapakita ng tapang at pagiging totoo sa kanilang sariling pagkatao, sila ay nagtuturo sa atin ng kahalagahan ng pagiging tapat sa ating mga sarili at pagtanggap sa iba.

Makikita sa kwento ang hamon at diskriminasyon na nagawa ng mga miyembro ng LGBTQ+ sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Dahil dito, matutukoy natin ang kanilang mga katangian at ang determinasyon na itaguyod ang kanilang dignidad at dangal. Ang layunin ng kampanyang ito ay itaas ang kamalayan tungkol sa mga karapatan at dignidad ng mga LGBTQ+ sa Pilipinas at upang mapakilos ang suporta para sa kanila.

### TALASANGGUNIAN


Garcia, F. S. JR., (2020). Pagbabalik tanaw sa kasaysayan, nagbabagong mga konteksto, at pagpapakahulugan ng "bakla" at "gay". Volume 28: 131-158.

King, L. (2019, May 16). Diskriminasyon sa mga Miyembro ng LGBTQ (Lesbian, Gay, Bisexual, Trans-Gender at Queer) sa Pilipinas. SI-STEM-A. https://stema.home.blog/2019/05/16/diskriminasyon-sa-mga-miyembro-ng-lgbtq-lesbian-gay-bisexual-trans-gender-at-queer-sa-pilipinas.

Nika Ferbežar, Alja Kopinič & Marko Gavriloski Tretjak (12 Mar 2024): Elements of Minority Stress and Resilience in LGBTQ+ Students' Experience of Education . Journal of Homosexuality, DOI: 10.1080/00918369.2024.2326473.

Reyes, M. E. S., et al. (2019) Self-Stigma, Self-Concept Clarity, and Mental Health Status of Filipino LGBT Individuals. Volume 17, No. 2: 343-350.

Reyes, M.E.S., Ballesteros, K.C.A., Bandol, P.A.A., Jimenez, K. A. H., Malangen, S. D. R. Religiosity, Gender Role Beliefs, and Attitudes Toward Lesbians and Gays in the Philippines.

Sarce, J. P. (2022). Ang Queer Literacy Framework: Isang Pagsusuri sa Pagturo ng Panitikang Pambata Gamit ang "Ang Tatay ni Klara at Nanay ni Erwin" at "Ang Ikaklit sa Aming Har Ang Ikaklit sa Aming Hardin" / The Queer Liter " / The Queer Literacy Framework: An Analysis of Teaching Children's Literature Using "Ang Tatay ni Klara at Nanay ni Erwin" and "Ang Ikaklit Sa Aming Hardin".

Tang, X., Poudel, A.N. (2018). Exploring challenges and problems faced by LGBT students in Philippines: A qualitative study. J Public Health Policy Plann., 2(3): 9-17.

Understanding sexual orientation and homosexuality (2008, October 29). https://www.apa.org. https://www.apa.org/topics/lgbtq/orientation.

Zaken, M. V. B. (2022). Equal rights for LGBTIQ+'s.